# PINAGTIBAY NA SALIGANG BATAS AT TUNTUNIN

*PANG-ESTADONG UNIBERSIDAD NG PANGASINAN*
*KOLEHIYO NG EDUKASYON*
*PANURUANG TAON 2021-2022*

# KAPISANAN NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO (KAMFIL)

**PANIMULA**

Kaming mga mag-aaral ng Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Kolehiyo ng Edukasyon, ay magtatatag ng isang demokratikong organisasyon na kikilalanin bilang Kapisanan ng mga Mag-aaral sa Filipino sa tulong at gabay ng Poong Maykapal, upang pangunahan ang pagsulong ng karapatan at responsibilidad para sa pagpapaunlad ng kabutihang panlahat, lehitimong interes at hangarin, pag-ibayuhin ang kakayahan at gampanin na makakatulong sa ating Unibersidad sa pamamagitan ng aming Pinagtibay na Saligang Batas at Tuntunin.

**Artikulo I**
**Pangalan, Kalikasan at Tanggapan**

Seksyon 1. Ang organisasyong ito ay kikilalaning Kapisanan ng mga Mag-aaral sa Filipino o KAMFIL.

Seksyon 2. Ang KAMFIL ay isang hayag na organisasyon ng Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Lingayen Kampus at kinikilalang may sariling pamamalakad na sumasang-ayon sa ilalim ng Batas ng Unibersidad.

Seksyon 3. Ang tanggapan ng organisasyong ito ay pansamantalang sa silid ng ER 11.

**Artikulo II**
**Layunin ng Organisasyon**

Seksyon 1. Paigtingin ang paggamit, pagtangkilik, at pagpapahalaga sa Wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa mga programa, proyekto at aktibidad na itataguyod ng organisasyon upang paunlarin ang samahan na makapagdudulot ng kabuuang paglinang.

**Artikulo III**
**Pagkakasapi**

Seksyon 1.

a. Ang mga mag-aaral na naka-enrol sa Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Lingayen Kampus na kumukuha ng kursong BSEd Filipino ay awtomatikong kasapi ng Kapisanan ng mga Mag-aaral sa Filipino (KAMFIL).

b. Sinumang mag-aaral ng Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, Lingayen Kampus na handang magbayad ng bayarin sa pagkakasapi ay mapapabilang sa organisasyon na KAMFIL.

Seksyon 2. Mapapawalang bisa ang pagkakasapi ng isang mag-aaral ng KAMFIL kung:

a. Matapos grumadweyt;
b. Huminto sa pag-aaral;
c. Lumipat sa ibang unibersidad;
d. Mapatalsik dahil sa paglabag sa mga batas at tuntunin ng ating Unibersidad.

Seksyon 3. Kabayaran

a. Ang lahat ng kasapi ay may tungkuling magbayad ng P40.00, samantalang ang mga opisyales ay may tungkuling magbayad ng P50.00 bawat taon.

b. Ang kabuuang kabayaran ay lilikumin dalawang linggo matapos ang pangkalahatang pagpupulong.

c. Sa kawalan ng Ingat-Yaman ang lilikom ay ang Pangalawang Ingat-Yaman o sinumang binigyang kapangyarihan ng Pangulo ng KAMFIL ng kasalukuyang taon.

d. Ang iba pang kabayaran (fees) ay lilikumin lamang kung ito ay nasang-ayunan ng karamihan ng kasapi.

## Artikulo IV
## Halalan

Seksyon 1. Ang mga sumusunod ay mga opisyales ng KAMFIL:

a. Pangulo
b. Pangalawang Pangulo
c. Kalihim
d. Pangalawang Kalihim
e. Ingat-Yaman
f. Pangalawang Ingat-Yaman
g. Dalawang Tagasuring Pinansyal
h. Dalawang Tagapagbalita
i. Dalawang Tagapangasiwa
j. Apat na Kinatawan sa bawat taon (Kung ang bawat taon ay may dalawang seksyon, magkakaroon ng tig-dalawang kinatawan sa bawat seksyon)
k. Limang Panuportang Opisyales sa bawat taon (Kung ang bawat taon ay may dalawang seksyon, magkakaroon ng tig-limang panuportang opisyales sa bawat seksyon)

Seksyon 2. Ang halalan ay ipapatupad maaaring sa anumang petsa tatlong buwan bago sumapit ang buwan ng Agosto.

**Seksyon 3.** Ang taunang halalan ay pangangasiwaan ng mga tagapayo ng KAMFIL at dating mga opisyales maliban sa mga opisyales na muling kakandidato.

**Seksyon 4.** Ang taunang halalan ay manunungkulan sa loob ng panuruang taon hanggang may mga panibagong pinunong nahalal.

**Seksyon 5.** Ang mag-aaral na maaring kumandidato ay dapat magpasa ng sertipiko ng kandidatura upang maaprubahan ang kanyang pagtakbo sa inaasam na posisyon.

**Seksyon 6.** Ang mga mag-aaral lamang na nasa ilalim ng kursong BSED-Filipino ang maaaring kumandidato bilang opisyales ng KAMFIL.

**Seksyon 7.** Ang mga mag-aaral na nasa Ikatlong Taon ay ang maaaring tumakbo sa posisyong pagkapangulo samantala ang iba pang bakanteng posisyon ay bukas na sa ibang taon.

**Seksyon 8.** Ang pagpresenta at eleksyon ay gaganapin sa aktwal na pamamaraan (sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay sa napupusuang kandidato) .

## Artikulo V
## Pagpapalit

**Seksyon 1.** Sa kaso ng pagbibitiw o kawalang – kakayahan ng mga opisyales sa di-natapos na termino, awtomatikong magkakaroon ng pagpupulong upang pagsang-ayunan ng mga kasapi ang pagbibitiw na may kalakip na liham ukol sa gagawing aksyon.

## Artikulo VI
## Kapangyarihan at Tungkulin ng mga Pinuno

**Seksyon 1.** Ang Pangulo ng KAMFIL bilang pinakapinuno ng organisasyon ay inaasahang :

a. Tatawag at mamumuno sa mga pagpupulong.
b. Pipirma sa naratibong ulat at ulat pinansyal ng organisasyon kasama ang Kalihim, Ingat-Yaman, Tagasuring-Pinansyal at mga Tagapayo.
c. Magtatalaga ng panupurtang opisyales at mga mamumunong komite sa iba't ibang programa/aktibidad ng KAMFIL.
d. Sisiguraduhing maayos na nasusunod ang pinagtibay na Saligang Batas at tuntunin ng organisasyon.
e. Magpapanatili ng kaayusan sa bawat pagpupulong.

**Seksyon 2.** Ang Pangalawang Pangulo ay:

a. Manunungkulan sa kawalan ng Pangulo.
b. Susunod at gagawa sa tungkuling ibibigay ng Pangulo.

**Seksyon 3.** Ang Kalihim ay:

a. Tagapag-ingat ng mga ulat patungkol sa mga pagpupulong at iba pang kaganapan na may kinalaman sa organisasyon.
b. Gagawa ng mga paunawa ng pagpupulong at iba pang mga gawain.
c. Maghatid ng mga liham pangkomunikasyon sa mga kinauukulan.

d. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 4.** Ang Pangalawang Kalihim ay:

a. Makikipag-tulungan sa Kalihim.
b. Manunungkulan sa kawalan ng Kalihim.
c. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 5.** Ang Ingat-Yaman ay:

a. Tagapag-Ingat ng pondo ng organisasyon.
b. Tagalikom ng pera mula sa bayarin ng pagkakasapi.
c. Gagawa ng pinansyal naulat sa tulong ng Tagasuring-Pinansyal.
d. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 6.** Ang Pangalawang Ingat-Yaman ay:

a. Makikipag-tulungan sa Ingat-Yaman.
b. Manunungkulan sa kawalan ng Ingat-Yaman.
c. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 7.** Ang mga Tagasuring Pinansyal ay:

a. Susuriin at sisiguraduhing tama at makatotohanan ang pinansyal na ulat bago lagdaan ng Pangulo,Tagapayo at iba pang opisyales ng Unibersidad kung kinakailangan.
b. Gagawa ng ulat pinansyal sa tulong ng Ingat-Yaman.
c. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 8.** Ang mga Tagapagbalita ay:

a. Magbabalita ng mga impormasyon na sangkot ang organisasyon.
b. Magpabatid sa lahat ng mga kasapi ng KAMFIL ng mga anunsyo at impormasyon.
c. May tungkuling mangalap ng mga larawan at datos kaugnay sa mga programa at iba pang mga gawain.
d. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 9.** Ang mga Tagapangasiwa ay:

a. Mangangasiwa sa lahat ng kagamitan/ materyales na kakailanganin.
b. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 10.** Ang mga Kinatawan ay:

a. Magsisilbing representante ng kanilang kinabibilangang taon.
b. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Seksyon 11.** Ang mga Panuportang Opisyales ay:

a. Itinalaga ng Pangulo at Tagapayo.
b. Susuporta sa layunin at tutulong sa pagpapabilis ng mga gawain ng organisasyon.
c. Susunod sa ipinapagawa ng Pangulo nang naaayon sa kanyang tungkulin.

**Artikulo VII**
**Pagpupulong**

Seksyon 1. Ang KAMFIL ay magsasagawa ng pagpupulong hangga't maaari, at hindi kukulangin sa dalawang beses sa loob ng isang buwan.

Seksyon 2. Ang agarang pagpupulong (urgent meeting) ay isasagawa hangga't kinakailangan.

Seksyon 3. Ang pagdalo sa pagpupulong ay tungkulin ng bawat pinuno at kasapi.

Seksyon 4. Ang mga paunawa tungkol sa pagpupulong ay ilalagay sa "bulletin board" ng KAMFIL o kaya'y ipaparating sa mga alkalde ang bawat detalyeng napag-usapan.

**Artikulo VIII**
**Pagbibinbin at Pagpapaalis ng Pinuno**

Seksyon 1. Ang opisyales na nagpabaya / kawalan ng interes ay mapapawalang bisa ang kanyang kapangyarihan kung ito ay sinang-ayunan ng dalawang-katlo (2/3) na boto ng mga opisyales/ kinatawan pagkatapos maiharap ang sapat na katibayan.

Seksyon 2. Ang hindi pagdalo ng tatlong sunod-sunod na pulong na walang sapat na kadahilanan ay tatanggalin sa tungkulin.

Seksyon 3. Ang opisyales na mahuhuli sa itinakdang oras ng pagpupulong ay pagmumultahin ng P 5.00 samantala ang hindi dumalo sa pagpupulong ay pagmumultahin ng P10.00 (unang opensa) at P15.00 (pangalawang opensa).

**Artikulo IX**
**Tagapayo at Pangalawang Tagapayo**

Seksyon 1. Ang Tagapayo ay dapat na guro/propesor sa Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, na may kalagayang kontraktwal, temporaryo o permanente na nagtuturo ng asignaturang Filipino.

Seksyon 2. Ang Pangalawang Tagapayo ay dapat na guro/propesor Pang-Estadong Unibersidad ng Pangasinan, na may kalagayang kontraktwal, temporaryo o permanente na nagtuturo ng asignaturang Filipino.

Seksyon 3. Ang Tagapayo at Pangalawang Tagapayo ay imumungkahi ng mga opisyales ng organisasyon na kalakip ang liham pakiusap na maging Tagapayo at Pangalawang Tagapayo ng organisasyon.

Seksyon 4. Sila ay dadalo sa pagpupulong at magbibigay ng panukala.

**Artikulo X**
**Pagpapatibay**

Seksyon 1. Ang Saligang Batas na ito ay pinagtibay ayon sa kagustuhan ng karamihan.

**ARTIKULO XI**
**Pag-aamyenda at Pagbabago**

Seksyon 1. Ang Saligang Batas na ito ay maaaring amyendahan sa pulong ayon sa kagustuhan ng karamihan at dapat ipaalam sa mga kasapi limang araw (5) bago ang araw ng pagpupulong.

**ARTIKULO XII**
**Pagtatadhana at Probisyon**

Seksyon 1. Ang Saligang-Batas na ito ay magkakabisa isang linggo pagkatapos malagdaan ng mga kasapi at mga Tagapayo ng organisasyon, panuruang-taong 2018-2019.

Seksyon 2. Ang Saligang-Batas na ito ay maaaring amyendahan pagkaraan ng tatlong taon